# Ang Politiká ng Etsa-Puwera: Ang Paglahò ni Thrasymakhós sa *Politeia* ni Platón

MICHAEL NER E. MARIANO
Ateneo de Manila University
mmariano@ateneo.edu

**Buod**
Patuloy na nagsisilbing bukál ng talakayáng pilosopikál ang akdâ ni Platón na *Politeia*, lalo na sa larangan ng kaisipang politikál. Ang madalang na mapagtuonán ng pansín ay ang pangyayari na naglahò mula sa diyalogó ang katauhan ni Thrasymakhós matapos siyang "patahimikin" ng mga pangungusap ni Sokrates sa unang aklát ng naturingang diyalogó na ito. Layunin ng sanaysáy na itó na maipakitáng posible pa ring maisalbá ang teyoriyang politikál ni Platon, na naghahangad ng kallipolis, laban sa maibibintang dito na ipokrasiya dulot ng pag-e-etsa-puwera kay Thrasymakhós mula sa proseso ng diyalogó na siya mismong diwà ng ideyál na pamayanán. Magagawa ito gamit ang tulong na maiaambag ng konsepto ni Derrida ukol sa aporia na nagpapakitá ng halagá ng mga puwáng o mistulang kawalán sa isáng teksto upang mailantád ang nakalalalim pang katuturán nito. Sa ganang ito, maaaring unawain ang paglahò ni Thrasymakhós bilang paalala ni Platón sa kanyang sarili at sa lahat ng mambabasa na kailangang magíng alisto ng sinumang makikisangkót sa diyalogó ng lipunan na huwag kailanman kalilimutan ang mga Thrasymakhós sa ating mga kapwa.

**Mga Susing Salitâ:** Platón, Thrasymakhós, diyalogó, etsa-puwera

## Pambungad

Nagsasang-ayon ang maraming palaisíp na itinaním ni Platón ang unang binhî ng pagteteoriyang politikál sa pamamagitan ng kanyáng akdáng *Politeia*[1] (kadalasang isinasalin sa Inggles—nang hindî-akmâ[2]—

[1] Tingnan, halimbawa, ang Leo Strauss at Joseph Cropsey, "Introduction," sa *History of Political Philosophy*, 3d ed, patn. Leo Strauss at Joseph Cropsey (Chicago: U. of Chicago P., 1987), 4-6; at Christopher Rowe, "The Place of the *Republic* in Plato's Political Thought," sa *The Cambridge Companion to Plato's* Republic, patn. G.R.F. Ferrari (Cambridge: Cambridge U.P., 2007), 27-54.

[2] Tingnan ang puná ni Desmond Lee sa "Translator's Introduction," sa Plato, *The Republic*, 2d edition, revised, salin ni Desmond Lee (London: Penguin Books, 1987), xxx.

bilang *Republic*). Hindî maiiwasang balík-balikán ng isáng seryosong nagmumuni ukol sa nararapat na uri ng pamayanan o lipunan ang saligang sulatin na ito. Dito natin mababasa ang pagtataká ni Platón, binigyang-buhay sa pamamagitan ng tauhan ng kanyáng maestrong si Sokrates, ukol sa matatawag na "makatarungang lipunan" (*kallipolis*), at higit na pangunahin pa, ukol sa mismong kahulugan ng "katarungan" (*dikaiosune*). Ang mga nabanggit na ito ang nilalaman ng akdang *Politeia*, ngunit mahalaga ring pag-ukulan ng pansín ang mismong *pamamaraan ng paglalahad* na ito ni Platón. Walang ibang tinutukoy rito kundi ang "diyalogó." Maaaring unawain ang kabuoang ipinahihiwatig ng *Politeia* ukol sa "makatarungang lipunan" hindî lamang sa antas ng nilalamang *idea* ng pag-uusapan nina Sokrates at ng kanyáng mga kaibigan, kundi gayundin sa mismong pamamaraan ng diyalogó na siyang ginamit ni Platón sa kanyáng pagsusulat. Sa maikling salita, salik ang diyalogó sa paglikha at pananatili ng makatarungang lipunan.

Gayumpaman, bakit biglang naglahò ang tauhan ni *Thrasymakhós* sa usapang naganap sa *Politeia*? Mapapansin na matapos ang unang bahagi o aklat ng *Politeia*, nilamon na ng katahimikan[3] ang sa simula'y maingay at mapangahás na lalaking nagpupumilit na itaguyod na nasa panig ng mga nasa-podér ang tinatawag na "katarungan." Ano ang sinasabi ng paglalahong ito ng isáng mahalagang tauhan na may mahalagáng sinasabi (bagaman nasa kabiláng-bakod ng nais iparatíng ni Platón) mula sa naturingang *diyalogó* ng *Politeia*? Ito kayâ ang tinutukoy ni Jacques Derrida na *aporia*, o mga puwáng sa metapisikál na patakarán ng isáng palaisíp? Isa kayang mabigat na puná itong pagpapatahimik sa tauhan ni Thrasymakhós sa katinuan ng mungkahing *idea* ng makatarungang lipunan? May lugár nga ba sa isáng lipunan ang mga 'di-sumasang-ayon sa namamayaning diskurso, silang matatawag na "makukulít" at "'di-kanais-nais"? Susubukang tingnan ng manunulát kung may lugár nga ba sa diyalogó ni Platón ang pagtanggap na ito sa 'di-kaurì, sa 'di-kasang-ayon, sa 'di-kanais-nais. Sa dulo, balak itaguyod sa papél na ito na may pag-asa lamang ang isáng politikal na sistema kung may pagkilala ang mga alituntunin at mga pamamaraán nito sa mga matatawag na *etsá-puwera*.

## *Politeia*: Nilalamán at Pamamaraán

Ipinapalagay ng manunulat na pamilyar na ang mga mambabasa sa akdang *Politeia* ni Platón, kayâ pinakapayát na kalansáy na lamang nito ang

[3] May kaisa-isang, huling pagkakataon na magsasalitâ si Thrasymakhós sa buong akdâ: sa 450a, kung saan, bilang dagdág sa panawagan ng barkada ni Sokrates na ipaliwanag niyá nang may kabuoan ang kanyáng iminumungkahing patakarán ng pagpapalakí ng mga anak, nagbigay ng pagsang-ayon si Thrasymakhós:

'Sa katotohanan, Sokrates,' ani Thrasymakhós, 'maaari mong sabihing nagkakaisa kami.'

ilalarawan dito. Ayon nga kay Desmond Lee, ang apat na sumusunód na tema ang masasabing pangkalahátang paksâ nito: Etiká, Edukasyón, Pilosopiya at Relihiyón, at Lipunan at Politiká.[4] Sa akdang ito, magkukuwentuhan sina Sokrates at kanyáng mga kaibigan ukol sa tanóng na "Ano bá ang katarungan?" at mula rito, kaniláng madaraanan ang isáng buong daigdíg ng pagpapalagáy ni Platón ukol sa nawawastong pagkakabalangkás ng masasabing matinóng lipunan, kung papaano ito bubuoín at patatakbuhín. Kasama na nga rito kung gayón ang papél ng edukasyón upang hubugin ang mga magpapalakad sa lipunang ito, lalo na ang tanyág na "pinunong-pilosopó" (473d). Lakíp sa akdáng ito ang pagpapalagáy ni Platón na ang larangan ng *eidos* ang nararapat na pagtuonán ng pansín ng isáng nararapat magíng pinunò ng pamayanán.

Kakaiba si Platón sa kasaysayan ng pamimilosopiya sapagkát walang ibang makapapantáy sa husay niyá sa paggamit ng *genre* ng diyalogó upang maisiwalat ang kanyáng mga nais sabihin.[5] May mga susubok na gamitín din ang pamamaraáng itó, ngunit hindî magagaya ang timplá ng kay Platón. Karamihan nauuwi lamang sa paggamit ng diyalogó bilang tagapagparatíng ng mensahe (tulad ng kina Cicero at Bishop Berkeley), ngunit si Platón lamang yata ang napanatiling tunay na buháy ang kuwentuhan.[6] Kayâ nananatiling sariwà ang diwà ni Platón ay dahil hindî niyá ibinató lamang ang kanyáng mga teoriya o binigyang-argumento ang mga ito, bagkús nagpakita siya ng mga pagkakataón ng pagkukuwentuhan, na kadalasa'y si Sokrates ang bumabangkâ, upang matalakay ang mahahalagáng katanungan, makapágbigáy ng mungkahì, ngunit manatili ring bukás ang talakayán.

## Diyalogó: Pamamaraán at Nilalamán

Kay Platón kung gayón makikita ang pag-iisáng dibdíb ng nilalamán at ng pamamaraán,[7] sapagkát makikitang hindî lang nais magparatíng ni Platón ng kanyáng mga kaisipán, bagkús nais rin niyáng pag-isipan kasama ng kanyáng mga mambabasa ang mga paksain niyá. Ayon nga sa Platonikóng iskolar na si Stanley Rosen:

> [k]inikilala na ngayón ng mga mapagkakatiwalaang iskolar ni Platón na hindi tayo makararatíng sa isáng kapaní-paniwalang pagpapahalagá sa kanyáng katuruáng

[4] Lee, "Translator's Introduction," xxxii-xlix.

[5] Tingnan ang T.H. Irwin, "Plato: The Intellectual Background," sa *The Cambridge Companion to Plato*, patn. Richard Kraut (Cambridge: Cambridge U.P. 1992), 76.

[6] Lee, "Translator's Introduction," liv-lv.

[7] Tingnan ang Stanley Rosen, "Introduction," sa *Plato's* Republic: *A Study* (New Haven: Yale U.P., 2005), 1-2, 9-10.

pilosopikál kung ating babalewalaín ang kaugnayan ng kanyáng masalimuot na argumento sa isáng bandá at ng dramatikóng anyô at mga elementong retorikal ng kanyáng teksto sa kabilá.[8]

Huwág magkamalíng akalaing walang sariling mga teoriyang nais ding itulak itong si Platón—marami nga rito ay mababanaag sa *Politeia*.[9] Ngunit dahilán na nga siguro ng pananatiling sariwà ng Platónikong kaisipán ang kabukasán nito sa patuloy na talakayán, dalawa't kalaháting milenya man ang nagdaán. Kayâ malinaw na mababanaag na hindî sapát na basta lamang bigyang-pansin ang mismong sinasabi ni Platón sa *Politeia* (bagamán napakayamang kalipunan ito), kundi lagi ring isaisip ang *anyô* ng pagpapahayág na pinili ni Platón: ang diyalogó (at hindî, halimbawà na, ang diretsahang mapanuring sanaysáy).[10] Hindî tapós na mga leksyon ang binibitawan ni Platón dito, bagkús ay mga 'di-pa-tapós na mga pananaliksík tungo sa mga saligang katanungan.

## Ang Naglahong Thrasymakhós

Sa unang pahiná ng *Politeia*, isinalaysáy ni Sokrates ang pagtatagpô nila ng kanyáng mga kabarkada sa may Piraeos sa labas ng kabayanán ng Athenai noong katatapos lamang ng isáng prusisyon na bahagì ng kapistahan ng diyosang Artemis Bendis. Nagkataon lamang na nakita sina Sokrates at Glaukon ng kanilang mga barkadang sina Polemarkhos, Adeimantos, at iba pa. Kayâ biruang nagpilitán ang magkakaibigan. Ang sumusunód ang takbó ng tudyuan nila, sa pagkakasalaysáy ni Sokrates:

> Nahawakan ng alipin ang damit ko mula sa likod at aniyá, 'Ipinapasabi ni Polemarkhos na hintayin niyo raw siya.' Lumingón ako at itinanóng kung nasaan ang amo niyá. 'Sumusunód na po,' aniyá, 'Hintay lang po.' 'Sige,' sabi ni Glaukon, at pagkaraka'y dumatíng na siya. Kasama niyá sina Adeimantos na kapatíd ni Glaukon, Nikeratos na anák ni Nikias, at iba pa, at mukhang galing siláng lahát sa prusisyon. 'Sokrates,' bukás ni Polemarkhos, 'Tingin ko papabalik ka na sa bayan.' 'Tama ka,' tugón ko. 'Nakikita

---

[8] Rosen, 1-2. [Salin ng may-akdâ.]

[9] Tingnan ang Richard Kraut, "Introduction to the Study of Plato," sa *The Cambridge Companion to Plato*, patn. Richard Kraut (Cambridge: Cambridge U.P. 1992), 26.

[10] Tingnan ang George H. Sabine, *A History of Political Theory*, 3d ed. (New York: Holt, Rinehart and Wiston, 1961), 38-39. Ngunit tingnán rin ang mga punto ni Kraut ukol sa mga peligro ng panghuhulà sa mga dahilán ni Platón sa paggamit ng diyalogó, sa kanyáng "Introduction," 28-29.

mo bá kung gaano kami karami?' tanong niyá. 'Nakikita ko.' 'Kung gayón, kung hindî mo kami mahihigitán, kailangan mong manatilì rito.' 'Ah, pero may isa pang alternatibo,' sabi ko. 'Maaari namin kayong hikayatin na nararapat niyo kaming pakawalán.' 'Hindî mo mahihikayat ang mga taong hindî namán makikiníg,' tugón niyá. 'Talagá namáng hindî,' tugón ni Glaukon. 'Ipalagáy mo nang hindî kami makikinig.' (*Politeia* 327b-328a)[11]

Malinaw na biruán ito. Ngunit hindî kayâ pahiwatig na rin ito ng mangyayari sa susunod pang mga bahagì ng unang aklát ng *Politeia*, kung saan masasabing napagtulungan ng nakararami—ng barkada ni Sokrates—ang nag-iisáng si Thrasymakhós upang siya'y tuluyang matahimik? Pansinín din na pinilì pa ni Platón ang pangalan ng tauhan na kanyáng pinagsadlakán ng ganitóng "panakot" na proklamasyón—"Polemarkhos," ibig sabihi'y "pinuno sa labanán." Mapagtuós ang diwà ng ganitóng patakarán ng pakikipag-usap, mukhang waláng tiyagâ sa hindî agarang sumasang-ayon.

Dalawá ang salik na lumilitaw rito na magdudulot ng kamatayan ng diyalogó: (1) ang pagturing sa *bilang* o sa *dami* bilang siyang tagapagtakdâ ng mga hangganan at katutunguhan ng isang pag-uusapan, at (2) ang piniling pagtanggí na makiníg sa maimumungkahì ng dapat-sana'y-kausap. Mahihimalay ng maingat na mambabasa na magiging biktimá ng dalawang salik na ito ang tauhang si Thrasymakhós.

Matatandaáng naroroon na si Thrasymakhós, kasama ng iba pang mga kakilala, sa bahay ni Kephalos na amá ni Polemarkhos na siyang pinuntahán ng magkakabarkada. Nang magsimulâ siláng magkuwentuhan ukol sa kaniláng mga kuru-kurò sa kahulugán ng katarungan, makailang beses nagpumilit na makasabát itong si Thrasymakhós sa usapan. Nang sa wakas siya'y napagbigyan, binungaran niyá agád sina Sokrates at Polemarkhos ng "Anong kabalbalan ito, Sokrates?" (336b) sabáy insulto sa mga nasabi ng dalawá, pati sa paraán ng kaniláng pag-uusap. Halatáng matagál nang napapanoód ni Thrasymakhós ang estilo ng pakikipag-usap ni Sokrates. Ang *elenchus* ni Sokrates, ang estilo ng kanyáng pakikipag-diyalogó kung saan sinusurì at ipinapakitang kulang ang pag-unawà ng kausap, ang siyang tinutukoy rito. Sa dulo ng pakikipag-usap ni Sokrates ukol sa mga paksang matatawag na pilosopikal, hahantóng at hahantóng ang mga nagdidiyalogó sa tinatawag na *aporia*, kung saan kalituhan at kawalang-katiyakan ang natitirá. Hindî ito terminál; ito ang simulá ng tunay na dunong, ayon kay Sokrates, sapagkát ngayón pa lamang talagáng mag-iisip ang tao, ngayóng malayà na siyá sa mga maling pag-aakalà at paunang-hatol.

[11] Salin ng may-akdâ.

Kalokohan ang tingín ni Thrasymakhós sa ganitóng pagtatalakayán, sapagkát nais niyá na ibinubungad ng mga nag-uusap ang kaniláng mga talagáng iniisip, at hindî naghahanáp lang ng kahinaan sa sinasabi ng iba. (Naturál na makakabanggâ ng ganitóng paninindigan ang palagiang pag-amin ni Sokrates na "Wala akong alam.") Maimamaniobra ni Sokrates na gawíng si Thrasymakhós ang siyang maglahád ng kanyáng inaakalà ukol sa tanóng ng katarungan. Ipagpipilitan ni Thrasymakhós na ang katarungan ay nasa panig ng may-hawak ng kapangyarihan, ng mga nasa-podér:

> 'Sa tingín ko, ang katarungan (*dikaiosune*) ay walang ibá kundi anumán ang kapakí-pakinabang sa higít na makapangyarihán.' (338c)[12]

Sa katunayan, masalimuot na argumento ang ibinató ni Thrasymakhós sa usapan. Sa kanyáng pangalawang pagsubok na ilahad ang kanyáng kaisipan (sa 343b-344c), lumilitaw na may dalawáng saysay ang katagáng "makatarungan" (*dikaios*): (1) ang kinikilala ng nakararami bilang "makatarungan," na katumbás ng anumáng sinasabi o ginagawâ ng may kapangyarihan o ng "malalaking tao," at (2) ang "talagáng makatarungan," ibig sabihin ang ginagawa ng mga mababaít at mapagbigáy at hindî gumagawá ng kabuktután (hindî *adikia*). Para kay Thrasymakhós, malinaw mula sa pang-araw-araw na karanasán na ang sinasabi ng mga taong "hindî makatarungan" (*adikos*, *adikia*) ang siya talagáng nakikinabang, at kung gayón ay siya namán talagáng gustong gawín ng tao, sa kaibuturan ng kanyáng sariling kalooban. Sa larangan daw ng pribadong gawain, sa mga pagnenegosyo halimbawa na, ang taong sasabihing "tuso" dahil kinukupitan ang katambál sa negosyo ang siyang magkakamál ng kuwalta sa hulí, gayóng waláng matitirá sa at mababaón pa sa utang ang nanatiling tapát. Sa larangan namán ng pampublikóng buhay, ang taong hindî ipinagtatapát ang tunay na kinikita ay hindî makakaltasán ng malaking buwís, samantalang ang taong tapát ay nakukunan ng malakíng halagá. Sa dulo mas maligaya ang mapagkublí. Sa larangan namán ng panunungkulan sa pamayanán, ang taong marunong "mag-alagà" ng mga kamag-anak at kaibigan gamit ang pondo ng bayan ang siyang itataguyod ng taumbayan, samantaláng ang tapát at hindî nagwawaldás ng perang-bayan ang hindî kikilalanin kahit ng kanyáng pinakamalalapit na kaibigan. At sa pinakamalakíng larangan, sa nibél ng pamumunò sa buong lipunan (*polis*), ang *turannos* na napasasakamay ang lahát ng kapangyarihan at lahát ng ari-arian sa buong pamayanán ay pinupuri at kinaiinggitán ng lahát, samantaláng ang mga pipitsuging indibidwal na kumupit ng katitíng o nag-akalang may kapangyarihang panghawakan ang karapatan ng iba ay tatawaging kriminál

[12] Salin ng may-akdâ.

at dudustahín. Ang pangangamkám (*pleonexia*), kung gayón, ang siyang kapita-pitagan.[13]

Makikita rito ang lalim ng hiwà ng sikolohikal na pagsusurì ni Platón (gayóng ang katauhan ni Thrasymakhós ang pinaglagakan niyá ng mga katagang ito), sabáy ng kasalimuotan ng kanyáng teoriyang etikal. Masalimuot at may bigát ang argumento ni Thrasymakhós[14] (na, linawin natin, ibá pa sa pagsasabing tamà ang kanyáng argumento!), sapagkát nakikita niyá na ang karaniwang tao ay may mga pagnanasang makapágbigáy-kaluguran sa sarili sabáy nagkukunwarî sa mga sasabihin kapág may kaharáp na ibá. Mabigát ang bintáng ni Thrasymakhós na sa kaibuturan ng kalooban ng bawat isáng tao, ang ninanais talagá niyá na makamtán ay makasariling kaganapan; lahát ng iba ay pagbabalát-kayó lamang. Ang karaniwang ibabató ng mga mambabasa bilang tugón ni Platón sa mga bintáng na ito ay ang tradisyunál na linyang Platóniko: kung tunay lang na nalalaman ng tao ang makabubuti sa kanya (o ang makatarungan, *dikaios*), gagawín niya ito. Korolaryo niyan: kung gumagawâ ng masamâ (o hindî-makatarungan, *adikos*) ang tao, iyan ay dahil hindî niya alam kung anó ang mabuti, o sa maikling salita, tangá siya. Ang taong nag-aakalang nakikinabang siya kapág siya'y mapág-imbót ay nagkakamalì dahil hindî pa niyá natututunan na ang tunay na pakinabang ay nasa pagtataguyod ng *psuche* ng tao (karaniwang isinasaling "kaluluwa," pero kailangang mag-ingat dito na hindî mauwi sa Kristiyanong konseptong lingid pa sa kaalamán ni Platón), na magagawá lamang kung mailalapít ng diwà ng tao ang kanyáng sarili sa kabutihan sa pamamagitan ng higit pang pagkakaunawà rito. Nananatili pa ring mabigát ang argumento ni Thrasymakhós sapagkát sinasalamin niyá ang nailalantad ng pang-araw-araw na karanasán laban sa isáng teoretikál na proseso ng pangangatwiran: makikita sa tunay na buhay na may mga taong bagamán alám nila kung ano ang mabuti, hindî pa rin nila ito isasagawâ bagkús mananatilì sa mapangalunyáng pag-uugalì.[15] Ayon nga kay C.D.C. Reeve:

> Ang Thrasymakheyanismo—at ang hamon na binubuò ni Glaukon batay rito—ay ipinagpapalagáy ang isáng bersyón ng egowistikóng eudaimonismo na...nakatutok sa

[13] Tingnan ang G.J. Boter, "Thrasymachus and ΠΛΕΟΝΕΞΙΑ," *Mnemosyne*, Fourth Series, 39, no. 3 (1986): 261-281.

[14] Tingnan, halimbawà, si T.D.J. Chappell, "The Virtues of Thrasymachus," *Phronesis* 38, no. 1 (1993): 13, kung saán mapaglaró niyáng binigyán ng dobleng kahulugán ang *genitive* na itó: sa tingín niyá, parehong mahalagá si Thrasymakhós, at na may *mga halagá* (o mga birtud, kagalingan) na itinuturo itong si Thrasymakhós: *lakás* (ἰσχύς), *kawaláng-pagpipigil* (ἐλευθερία), *pagka-mapandominá* (δεαποτεία), at *wisyo* (εὐβουλεία).

[15] Si San Agustin pa ang sasaló sa obserbasyóng ito, at dito makikita ang ambág ng Kristiyanismo sa kaisipáng morál: na may lamat o baluktót sa mismong kalooban (*will*) ng tao.

karakter o pagkatao. Inaalám nito, hindi lang kung bakit ba nararapat na maging makatarungan ang tao, kundi pati na rín bakit, kung gusto ko ng kaligayahan para sa aking sarili, kailangan kong makamít ang isáng makatarungang karakter o pagkatao. Hindî gaanong kasindiín nitó, bagamán mapaggiít pa rin, binubuksán nito ang kaugnáy na tanóng ukol sa hangganan o lugár ng pag-uudyók sa katarungan (moralidad), at mungkahi nito...na tanging ang mahihinà ang may ganitóng udyók. Upang maunawaan kung gaano kalalim ang dobleng-hamon na ito, magandáng magsimulâ sa ikalawáng tanóng.[16]

Ginagamit kayâ ni Platón ang tauhan ni Thrasymakhós upang bigyang-tinig ang argumentong siya mismo hindî pa kayang labanan? Mabuting pag-isipan ito sapagkát maaaring nagpapakita ito na nakahihigit ang kahenyuhan ni Platón sapagkát nakita na niyá ang mga kontra-argumento sa posisyon niyá, pinabulaanan niyá diumanó ito (gamit si Sokrates), ngunit iniwan pa rin niyáng nakasabit ang usapan sa pamamagitan nga ng basta paglahò ni Thrasymakhós sa balitaktakán.

Interesante talagá ang tauhan ni Thrasymakhós sapagkát siya ang maingay at makulít na nagpupumilit na makibahagì sa usapan nina Sokrates na sa dulo namán ay pinatahimik din. Papaano ito naisagawa? Kahit ang mga kabarkadá ni Sokrates ay namánghá rito. Ani Glaukon:

> Dahil tila bagá nagayuma mo si Thrasymakhós tungo sa isang napaagáng pagsukò, tulad ng manghahalina ng ahas; ngunit ako, hindi pa kumbinsido sa naging usapan ukol sa katarungan at kabuktután. (358b)[17]

Sa unang aklat ng *Politeia* tinugunán ni Sokrates ang argumento ni Thrasymakhós (at wala munang lugár para talakayin pa iyán dito[18]), at pinaniwalà ang mga mambabasa na, sa daratíng pang mga bahagi ng diyalogó, sa pamamagitan ng isáng *virtuoso* na serye ng pangangatwiran, maitataób ni Sokrates ang mga pinagsasabí ni Thrasymakhós. Ngayón, ito ang kapansín-pansín: tuluyang natahimik at wala nang banggít ang diyalogó ukol kay Thrasymakhós mula *Politeia* 347a-palaon, hanggang sa

---

[16] C.D.C. Reeve, "Glaucon's Challenge and Thrasymacheanism," sa *Oxford Studies in Ancient Philosophy* vol. xxiv, patn. David Sedley (Oxford: Oxford U.P, 2008), 100. [Salin ng may-akdâ.]

[17] Salin ng may-akdâ.

[18] Ngunit pansinín na "walâ namáng tumanggáp na sapát na ang mga itó," ayon na nga kay Rachel Barney, sa kanyáng "Socrates' Refutation of Thrasymachus," sa *The Blackwell Guide to Plato's* Republic, patn. Gerasimos Santas (Malden, MA: Blackwell Publishing, 2006), 44.

dulo na ng akda, maliban sa nabanggit nang kaisa-isáng linya niyá sa 450a. Ano nga kayâ ang maibibigay nating pakahulugan sa katahimikang ito?

## Ang *Aporia* ni Derrida: Ang Etsa-Puwera sa Diyalogó ng Lipunan

Sa mga sulatín ng Pranses na palaisíp na si Jacques Derrida, binabanggít niyá ang konsepto ng *aporia* at binibigyán niyá ito ng kanyáng sarilíng pagpapakahulugán.[19] Iba ang tinutukoy ni Derrida sa salitáng *aporia* kumpará sa tradisyunál nitong kahulugán kay Platón na pagkalitó sa dulo ng *elenchus*. Kay Derrida, tinutukoy ng katagáng ito ang mga puwáng, ang mga pagitán sa isáng patakaráng metapisikál. Ito ang naroroon ngunit hindî nabibigyang-pansín, hindî nababanggit, nananatiling tahimík. Maaaring sabihing para kay Derrida, higít na mahalagá ang naroroóng nananatiling tahimik kaysa sa lantád na sinasabi. Inaalingawngáw ni Leo Strauss ang halagá ng ganitóng klaseng "pagbabasá sa pagitan ng mga linya," lalo na sa mga akdáng nasulat bilang tugón sa pang-aapí.[20]

Derrideanong *aporia* nga kayâ itong paglalahò ni Thrasymakhós? Ano kayâ ang sinasabi nitó ukol sa kabuoang metapisikál na sistema ni Platón, lalo na sa kanyáng etikál-politikál na balangkás na inilalahád sa *Politeia*? Kung ang akdáng ito ay ang pag-aasawa ng nilalamán at pamamaraán, sa ganang ang nararapat na uri ng *polis* ay siyang nakakawing sa *idea* ng mabuti sabay tumatakbo sa bisa ng diyalogó, ano ang sasysay ng pagpapatahimik kay Thrasymakhós sa diyalohikál na naturang ito ng nilalayong pamayanán? May lugár nga ba ang mga Thrasymakhós sa ating inaasám na lipunan? Kung ang mga tulad ni Thrasymakhós na maiingay at makukulít ay waláng lugár sa akdáng *Politeia*, may maaasahan pa kayáng lugár para sa ganitong uri ng mga indibidwal sa ating sinusubukang buoíng mga pamayanán?

Sino na nga ba ang masasabing katumbás ni Thrasymakhós sa ating mga pamayanán ngayón? Ang mga makukulít at maiingay. Mga kritiko na hindî-sumasang-ayon sa nilalayon at pamamalakad ng ating mga sistema. Mga hindî makapasok sa diskurso ng naghaharing-uri, ng "nakakarami," wika nga.

## Diyalogó at Pagpapatahimik

Ang tanóng na lumilitáw kung gayón ay kung may lugár nga sa ideyál na *polis* ni Platón ang mga hindî nakikiayon sa naghaharing diskurso. Maaaring sabihing madalíng makipagdiyalogó si Sokrates kina Glaukon at

---

[19] Tingan ang Jacques Derrida, *Aporias*, salin ni Thomas Dutoit (Stanford, California: Stanford University Press, 1993), lalo na ang 12-24.

[20] Leo Strauss, *Persecution and the Art of Writing* (Chicago: U. of Chicago P., 1958/1980), 22-37.

Adeimantos, ngunit sa kadahilanang kasundô niyá ang mga ito. Bukás sila sa kanyáng sasabihin at handáng mamanghá sa kanyáng pangangatwiran. Ngunit paano na kung ang kausap ay hindî kasundô, walang handáng ibigáy na pagsasang-ayon? Makikita natin ang pangyayaring ito mula sa kaliit-liitang samahán tulad ng sa pamilya, tungo sa nakalalakí tulad ng silid-aralán, organisasyón, hanggáng sa pinakamalawak ang larangan: sa kabuoán ng lipunan, sa ugnayang pandaigdigan. Mauunawaan dito na may mahalagáng kuwestiyóng politikál na lumilitáw dito: paano maisasagawá ang tunay na diyalogó kung mayroong hindî handang makipag-usap, sumang-ayon, o maki-ayon sa patakarán ng diyalogó. Hindî maaaring basta sabihing i-etsa-puwera na lang ang ayaw makipaglaró, sapagkát malamáng kaysa hindî sa anumang pagsasama-sama ng mga tao, mayroon at mayroóng lilitaw na indibidwal na hindî kanais-nais para sa karamihán. Kung palalayasin sila bastá o patatahimikin, may *reductio ad absurdum* na magaganap dito kung saan walang ibang matitirang kausap ang tao kundi ang kanyáng sarili.

At parang ganitó nga yatà ang nangyayari sa ating mga lipunan ngayón. Ang karamihan ng ating mga sistema ay gumagana gamit ang mga prinsipyong *exclusionary* (o mapag-etsa-puwera). Dahil ikaw ay mahirap, o baklà, o babae, o probinsiyano, o "patáy-gutom," may mga sistemang magbubukod at magbabalewala sa iyo, gaya ng ating mga batás, sistemang pang-edukasyón, kahit ang kultura na sinasabing "populár." Ano ang pag-asang makalikha ng tunay na ideyál na *polis* kung may mga taong nananatili sa gilid lamang ng pagkilos ng lipunan?

**Pag-asa sa Katarungan**

Ngunit sa dulo, hindî pa rin natin masasabing tuluyan itong pagbatikos sa ipinakita ni Platón sa *Politeia*, sapagkát sa tulong ng sinasabi ni Derrida ukol sa *aporia*, masasabing may paalala si Platón sa sarili niyáng pagteteoriya ukol sa elementong baka malimutan niyá, at talagá ngang nalilimutan natin sa ating pang-araw-araw na pakikitungo. Kung babalikán nga ang sipì sa itaas mula sa *Politeia* ukol sa pagtutudyuan nina Sokrates at Polemarkhos na baka namán inuunahan na ni Platón ang kanyáng sarili upang huwag ngang malimutan na *diyalogó* ang nais niyáng palaganapin dito, at kung gayón ay nararapat bigyang-pagkakataon ang kausap na makapágsalita, kanais-nais man siya o hindî. Nasasabi natin ang ganitó sapagkát litáw na litáw ang pagkadiskaríl ng mensahe ng tudyuan nina Polemarkhos at Sokrates at ng talagáng naganáp sa katauhan ni Thrasymakhós—ang mistulang babalâ ng pagpapatahimik ng nakararami sa nag-iisa ay tunay ngang nangyari sa na-etsa-puwerang Thrasymakhós. Para bagá itong pabaon sa sarili, isáng *mnemonic device* na sa simuláng-simulá pa lamang, pinangungunahan na ang lahát ng kapágdaka'y sasabihin. Nabibigyán tulóy ng karagdagang yaman ang sinasabi ni Christopher Rowe ukol sa paninindigan ni Platón sa larangan ng politiká:

> Sa larangan ng politiká, nananatiling Sokratiko si Platón, bagamán bilang isáng Sokratikong may kaibahán na. Ibig sabihin, kahit papaano, nananatili pa rin siyang nagpapakita ng katapatán sa kaisipan na nagsisimula ang lahát, at talagá ngang nagtatapos din, sa isang diyalektiko...[21]

Sa ganitong pananáw maaaring maunawaan na ang pagtutudyuan nina Sokrates sa simula ng diyalogó ay paglilinaw ni Platón sa hangganan ng posibilidad ng mismong pagdidiyalogó. Kung may ayaw makiníg at dinadaan sa dahás ang "usapan" (sa kasong ito, dahil sa nakalalamáng na bilang), wala talagáng nagaganáp na usapan. Sa unang tingin, aakalain lang ng mambabasa na simpleng paglalahád lang ng parametro ng gawain ng pagdidiyalogó ang ginawá ni Platón dito, ngunit hindî maaaring balewalaín ang paralelismo ng animong babalang ito at ng mismong nangyari kay Thrasymakhós sa unang-unang aklát ng *Politeia*. Siya'y napagtulungan ng nakararami (ng barkada ni Sokrates), kayâ nga sa simula, ni hindî siya makasali sa usapan. Noong siya namán ay nakasali—at hindî ito dahil siya'y pinayagan ng barkada, bagkús ay dahil sa sarili niyáng pagpupumilit (kayâ nga sumambulat siya sa una pa lang niyáng paglalahád, sapagkát pigíl-na-pigíl na siya at kumukuló na ang ninanais niyáng ibahagi)—napaharáp namán siya sa isáng grupong walang amór sa kanyáng ginagawà. Makikinitá na natin na sanáy na rin ang barkada ni Sokrates na "pagtiisán" ang pangungulít ni Thrasymakhós, at kumbagá, pinagbibigyán lamang nila ito (baka nga mabuo pa sa imahinasyón natin ang magkakabarkadang nagtitinginan at nagsisikuhán, senyales ng "Hay, naku! Heto na namán si Thrasymakhós...").

Makikita rito na kahit pa sa piling ng maestrong si Sokrates, na hindî namán lihim na talagáng hinangaan ni Platón at na siyáng naghubog sa huli, maaaring magkaroon ng pag-e-etsa-puwera, dahil maaari ngang malimutan, kahit pa ng mga taong may busilak namáng kalooban at may superyor na dunong, ang *kakaibá*. Kay laking daling mabuhay kung lahát ng makakasalamuhâ ay kasundô. Kung lahát ng nakakausap ay kasang-ayon. Kung lahát ng katrabaho ay kagiliw-giliw na kasama. Ngunit alam nating lahát na hindî ganyan ang buhay, at madalas kaysa hindî, ang taong lumilitaw na kakaibá sa napagkasanayan ng isáng grupo ang siyang na-e-etsa-puwera dahil dito. May isáng uri ng relatibismo rito, siyempre, sapagkát ang mga katangiang naghihiwalay sa isáng indibidwal mula sa ibáng kasapi ng isáng grupo ay maaaring maisalo namán niyá sa ibang pangkát. Ngunit sa pangalawang pangkát na iyón, ang nagtataglay namán ng mga katangian ng naunang grupo ang siyang ma-e-etsa-puwera.

---

[21] Christopher Rowe, "The Place of the *Republic* in Plato's Political Thought," sa *The Cambridge Companion to Plato's* Republic, patn. G.R.F. Ferrari (New York: Cambridge U.P., 2007), 42.

Ang sagot ba riyan ay "Kani-kaniyáng hanap na lang ng grupo"? Hindî ito mabisa sapagkát sa dulo, mistulang mga *monad* ni Leibnitz ang mga pangkát-pangkát sa mundo: may kabuoan sa ganang sarili, ngunit sadyang hiwaláy at walang anumáng pakikipagtalastasan sa alinmang ibang *unit*. Hindî rin ganito ang takbo ng ating tunay na buhay. Kahit sa maliliit na *commune* na iniisip ng mga anarkista, siguradong may mga kasaping kakaiba ang pag-uugali kumpara sa karamihan. Kung sakali namáng iniisip natin na dapat may *groupthink* at siguraduhing iisa ang pag-iisip ng lahát sa isáng grupo, alam na natin ang kalalabasán niyán, batay na nga rin sa mga naipakita ng samu't saring nobela o pelikulang *utopian* o *dystopian* (*1984* ni George Orwell, *V for Vendetta* ni Alan Moore, atbp.). Kayâ sa gusto man natin o hindî, kailangan nating kilalanin na hindî mawawalâ ang kakaibá sa anumáng pagpupulong ng mga tao. Ang tanong kung gayón ay paano natin paghahandaán ang ganitó. Tanóng ito na magsisimulá sa nibél ng pilosopiya ng tao o pagpapakatao, at likas na tutungo rin sa nibél ng politikal na pagmumuni.

Isa nga sigurong maaaring gamiting kategorya ito para sa ating kasalukuyang pag-iisip pampolitikál: ano ang ating kahandaán na gawaran ng respeto kahit ang kakaibá, bagaman malinaw na sa kalooban natin, wala tayong pagnanasang maging kaibigan niyá o kasundo man lamang? Malaking katanungan ito, sapagkát saan natin huhugutin ang pasensiya, ang lakás, upang siguraduhing kahit ang hindî kanais-nais para sa isáng pangkát, ay may lugár pa rin sa diskurso ng pangkát na iyon, dahil na lamang sa aksidente ng pagsasakasaysayan niyá, na siyá, sa kung anumáng dahilán ay naibató sa lugár at panahóng ito tulóy kailangan natin siyang makapiling? Muli, higít na madalíng magíng mapagpasensiyá, kung kasundô ang lahát ng kasapì ng pangkát. Kaya pa ring magtiyaga kung kundiman kasundô ang isáng indibidwal, ay magalang pa rin siya at mapagpasensiya rin. Pero paano na kung ang taong iyon ay talagáng hindî-kanais-nais para sa isáng pangkát? Walâ siyang pagkalingang ibinibigáy sa ibáng mga kasapì, waláng mapakinabang o konsuwelo sa kanyá, talagáng tiís lang ang naiisip ng ibá kapág siya'y naririyan. Tunay na hindî kanais-nais ang pagbibigay-puwáng sa ganitong uri ng tao, ngunit talagáng totoo ang sitwasyong ganito sa ating pang-araw-araw na buhay. Malinaw na hamon para sa ating lahát na tumugón sa paraáng pinakamakatao pa rin. Kayâ marapat nga sigurong huwag kalimután ang imahe ni Thrasymakhós sa anumáng pakikisalamuha sa ibang tao: *Ang ginagawá ko ba at ng aking mga ka-baták ay pagpapatahimik sa isáng hindî kanais-nais para sa amin*?

Kapág babasahin nga muli ang *Politeia* na laging nasa likód ng isip ang naglahong Thrasymakhós, baka makita nang may higít na linaw ang mga nais imungkahi ni Platón, sapagkát may pambalanseng elemento. Paratiang paalala na "Paano namán diyan ang etsa-puwera?" Masasabi nga na kung gayón hindî maiwawalay na elemento ng isáng makatarungang lipunan ang paniniguróng may lugar sa diyalogó ng *polis* ang lahát ng may kapakanán dito, kasama na ang mga hindî makasuót sa nakahandáng patakarán ng

lipunang ito. Anumáng pagtatagpô ng mga magkakapwa-tao at pagsubok na magtalastasán ay mananatiling nagbubulág-bulagan lamang hangga't may nae-etsa-puwera sa proseso ng pagsulong ng lipunan.

## Kongklusyon at mga Mungkahi

Hindî pa nagagawâ ang lubusang pag-aaral ng buong *Politeia* gamit ang lente ng *aporia* ng paglahò ni Thrasymakhós. Marapat itong gawín upang maipakita nga ang kauubrahan ng iminumungkahi ni Platón para sa ideyal na lipunan (na siyang nilalaman ng akda) gayóng laging may panawagan na panatiliing buhay ang diwà ng diyalogó. Baka sa ganitong pamamaraán natin higit na makikita ang bisa ng ideyal na *polis* ni Platón, na tinimplahán na ng diwà ng diyalogóng hindî nang-e-etsa-puwera.

## Talasanggunian


Barney, Rachel. "Socrates' Refutation of Thrasymachus." Sa *The Blackwell Guide to Plato's* Republic, patn. Gerasimos Santas, 44-62. Malden, MA: Blackwell Publishing, 2006.

Boter, G.J. "Thrasymachus and ΠΛΕΟΝΕΞΙΑ." *Mnemosyne*, Fourth Series 39, no. 3 (1986): 261-281.

Chappell, T.D.J. "The Virtues of Thrasymachus." *Phronesis* 38, no. 1 (1993): 1-17.

Derrida, Jacques. *Aporias*. Isinalin ni Thomas Dutoit. Stanford, California: Stanford U.P., 1993.

Ferrari, G.R.F., patn. *The Cambridge Companion to Plato's* Republic. Cambridge: Cambridge U.P., 2007.

Irwin, T.H. "Plato: The Intellectual Background." Sa *The Cambridge Companion to Plato*, patn. Richard Kraut, 51-89. Cambridge: Cambridge U.P. 1992.

Kraut, Richard, patn. *The Cambridge Companion to Plato*. Cambridge: Cambridge U.P. 1992.

Plato. *The Republic*, 2d ed, revised. Isinalin at binigyan ng pambungad ni Desmond Lee. London: Penguin Books, 1987.

Reeve, C.D.C. "Glaucon's Challenge and Thrasymacheanism." Sa *Oxford Studies in Ancient Philosophy* vol. xxiv, patn. David Sedley, 69-104. Oxford: Oxford U.P, 2008.

Rosen, Stanley. *Plato's* Republic: *A Study*. New Haven: Yale U.P., 2005.

Rowe, Christopher. "The Place of the *Republic* in Plato's Political Thought." Sa *The Cambridge Companion to Plato's* Republic, patn. G.R.F. Ferrari, 27-54. New York: Cambridge U.P., 2007.

Sabine, George H. *A History of Political Theory*, 3d ed. New York: Holt, Rinehart and Wiston, 1961.

Santas, Gerasimos, patn. *The Blackwell Guide to Plato's* Republic. Malden, MA: Blackwell Publishing, 2006.

Strauss, Leo at Joseph Cropsey, mga patn. *History of Political Philosophy*, 3d ed. Chicago: U. of Chicago P., 1987.

Strauss, Leo. *Persecution and the Art of Writing*. Chicago: U. of Chicago P., 1958/1980.